

Newsletter para sa Dami ng Trabaho sa Paglilinis



Aktibong Pakikinig sa lugar ng trabaho

Isyu 8, Bolyum1

Maikling tinalakay ng naunang newsletter at tip sheet ang mga katangian ng Pangkaligtasang Pamumuno (Safety Leadership), kaya ngayong buwan, sisimulan natin ang serye sa pamamagitan ng talakayan tungkol sa Aktibong Pakikinig.

Nangyayari ang aktibong pakikinig kapag ikaw bilang supervisor ay nauugnay at nakikinig nang husto sa kung ano ang sinasabi ng iyong empleyado. Dito, kailangan ng mas pakikinig kaysa pagsasalita.

Sa Aktibong Pakikinig, layunin na maunawaan ang pananaw ng empleyado, sumasang-ayon ka man o hindi.

Ang aktibong pakikinig at pag-uulit sa sinabi ng nagsalita sa iyong mga sariling salita ay nakakatulong na manatili kang engaged at nagpapahusay sa komunikasyon sa pagitan mo, iyong mga empleyado, at kanilang mga katrabaho.

Magagamit ng pamunuan ang aktibong pakikinig bilang paraan para makabuo ng mas magagandang ugnayan sa staff at maiwasan ang mga pinsala sa trabaho.

Pinapahusay ng Aktibong Pakikinig ang komunikasyon, kundisyon sa pagtatrabaho, at nakakatulong ito na maiwasan ang mga pinsala sa lugar ng trabaho.

Sa isang pananaliksik tungkol sa kaligtasan, nagbahagi ang isang janitor ng positibong karanasan nila sa pamamaraang aktibong pakikinig ng kanilang supervisor. Naramdaman nilang nauunawaan at ligtas sila dahil isinaprioridad ng supervisor ang kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng pakikinig sa kanila at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan bilang isang team.

Nasa ibaba ang isang halimbawa ng supervisor na aktibong nakikinig, gumagawa ng pagkilos, at pumipigil sa panliligalig ng katrabaho:

“At pagkatapos kong makipag-usap sa kanya, [tungkol sa panliligalig ng katrabaho], sinabihan niya akong manatiling kalmado, na direkta siyang makikipag-usap sa mga taong iyon. At ginawa nga niya ito, nakipag-usap siya sa kanila [sa isa pang pulong]. At tinulungan niya akong maramdamang ligtas ako, at maging kumportable sa trabaho”

Sa kabilang banda, puwedeng mailantad ng mga supervisor ang mga manggagawa sa panganib. Nangyayari ito kapag hindi nila nagagawang aktibong makinig at isapriyordad ang kanilang responsibilidad na tugunan ang mga panganib sa kaligtasan, maiwasan ang pinsala, at mabawasan ang mga naghahabol.

Tungkulin ni Maria na lampasuhin ang mga sahig ng opisina. Napansin noyang malapit nang masira ang kanyang lampaso, kaya tinawagan niya ang kanyang supervisor para humingi ng bagong lampaso. Sinabi ng supervisor na mag-o-order siya ng bago sa lalong madaling panahon. Pagkalipas ng ilang araw, talagang masisira na ang lampaso at nahihirapan na si Maria na gamitin ito sa paglilinis, na nagdulot ng pananakit sa kanyang balikat. Dahil dito, tinawagan na niya ang kanyang supervisor para humiling ng bagong lampaso at sinabi ng kanyang supervisor na nakalimutan niyang i-order ito. Nagpasya si Maria na maghain ng claim para makatanggap ng paggamot para sa pananakit ng

Ang mga supervisor na nagsasagawa ng aktibong pakikinig ay nakakatulong sa pag-iwas ng mga panganib sa kaligtasan at pinsala sa katagalan. Sa pamamagitan ng pagbuo ng mas mahusay na ugnayan sa staff, magagawa ng mga empleyado na gawin ang kanilang trabaho nang alam nila na maririnig at matutugunan ang kanilang mga alalahanin. Ang pangangailangan para sa aktibong pakikinig at mabilis na pagtugon ng mga supervisor sa mga panganib sa kaligtasan ay isang karaniwang uri ng interaksyong ipinabatid sa mga panayam sa focus group ng mga janitor.